# KAPASIYAHAN BLG. 2025-167

**"NAGPAPATIBAY AT SUMUSUPORTA SA PAGTATANIM AT PAGPAPALAGANAP NG HALAMAN NA SAGO (*ARROWROOT*) SA BAYAN NG BUSTOS, AT PAGHIKAYAT NG PAGTUTURO NG PAGTATANIM NG SAGO SA ELEMENTARYA, SEKUNDARYA AT KOLEHIYONG PAARALAN SA BAYAN NG BUSTOS."**

---

*Sa Pagtataguyod ni:*

**Igg. Melvin H. Melencio**

*Tagapangulo*
**Pinagsanib na Lupon sa Kalinangan, Sining, Turismo, Pangangalaga at Pamana**
at
**Lupon sa Agrikultura Katiyakan sa Pagkain, Transportasyon, Komunikasyon at Impormasyong Pangteknolohiya**

---

**SAPAGKAT**, ang Bayan ng Bustos ay kinikilala sa kultura nito dahil sa Minasa, isang pamanang panghimagas na may malalim na ugnayan sa pagtatanim ng sago (*arrowroot*);

**SAPAGKA'T**, ang sago (*arrowroot*) ang pangunahing sangkap sa Minasa cookies na sa kasalukuyan ay pinalitan ng casava dahil sa paghina ng ani o pagtatanim sa bayan ng Bustos

**SAPAGKA'T**, ang "Project SAGO: Sama-samang magtatanim, Aani, Gagaling sa kaalaman, sa kasaysayan at kultura ang One Bustoseño" ay muling inilunsad noong 2024 sa pamamagitan ng pagtutulungan ng BulSU Bustos, DepEd Bustos, at ng Pamahalaang Bayan ng Bustos upang buhayin muli ang pagtatanim, pagpapalago, at pagpapahalaga sa sago at sa kasalukuyan at itinatanim na din sa mga barangay sa tulong ng mga mother leader at magsasaka;

**SAPAGKA'T**, ang pagtatanim at pagpaparami ng sago ay maging bahagi ng curriculum na ituturo sa mga mag-aaral sa mabaha at mataas na paaralan at colegio upang magpatibay ng kamalayang pangkultura, at magsulong ng kabuhayang nakabatay sa pamanang kultura;

**SAPAGKA'T**, ang sago ay bungang-ugat na maaaring maging minandal o pagkain na may benepisyo sa ating kalusugan;

**SAPAGKA'T**, ang mga aning sago ay maaaring pagkakitaan ng ating mga kababayan lalu na ang mga magsasaka at mga nais magtanim nito;

**SAPAGKA'T**, kakaunti na ang tanim na sago sa Bayan ng Bustos ng siyang pangunahing sangkap ng minasa;

**SAPAGKA'T**, kinakailangan matutunan ng kabataan/mag-aaral na magtanim ng sago na bahagi na ng ating kasaysayan.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. MELVIN H. MELENCIO** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, ng Sangguniang Bayan na:

> Itaguyod at suportahan ang pagtatanim at pagpapalago ng sago (*arrowroot*) bilang isang programang pangkomunidad sa lahat ng barangay ng Bustos, Bulacan;
>
> Na ang Resolusyon na ito ay ipapamahagi sa lahat ng barangay at iba pang ahensya upang mahikayat ang pagtatanim ng sago sa Bayan ng Bustos;
>
> Ituro ang pagtatanim ng sago sa mga elementarya at sekundaryang at kolehiyong paaralan sa Bustos at iba pang katuwang na ahensya;

**IPINASIYA RIN,** na mabigyan ng suporta ang pagtatanim at paglalaganap ng halaman na sago (*arrowroot*) at pagtuturo ng pagtatanim ng sago sa mga paaralan sa Bayan ng Bustos.

**IPINASIYANG PANGWAKAS,** na ang sipi ng resolusyong ito ay ipasa sa Tanggapan ng Punong Bayan, sa Kagawaran ng Edukasyon – Bustos, at sa Bulacan State University – Bustos Campus para sa kanilang kaalaman, gabay, at nararapat na aksyon.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-27 ng Oktubre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Lima sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Phillip Wrayner B. Santos**<br>Kasangguni | **Kyle Gabrielle DR. Navarro**<br>Kasangguni |

**Romeo B. Cabalquinto**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Engr. Gliceria M. Perez**
Kasangguni

**Raymond R. Perez**
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay

**Mel Ryan P. Juan**
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan

**Martin SJ. Angeles, MMPA**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-27 ng Oktubre taong Dalawanlibo Dalawampu't Lima.

**Atty. Gerardo S. Briasa**
Kalihim